## *WASTONG PAMAMARAAN NG PAGKUHA NG LUPANG IPASUSURI (Soil Analysis)*
*(Proper Soil Sampling)*

MGA GAMIT: Pala, Itak, Plastik na paglalagyan ng lupa, Panulat (ballpen o marker)


MGA HAKBANG:

**1.** Hatiin ang lugar na pagkukuhnan ng lupa ayon sa:
- Topograpiya (Kataasan, patag)
- Kulay
- Pagkakahabi (texture, putik, buhangin)
- Huling pagkakalagay ng abono
- Huling itinanim


**2.** Base sa pagkakahati ng lupa, pumili ng 5-10 sampling points o lugar na pagkukuhanan ng lupa.

**3.** Alisin ang mga bato, damo at iba pang mga dumi na nasa pagkukuhanan ng lupa.

**4.** Para sa mga halaman na mababaw ang ugat kagaya ng: (Palay, mais at gulay) humukay ng 8-12 pulgada ang lalim na hugis "V".





**5.** Para sa mga lupang tataniman ng punong-kahoy, kumuha ng lupa ng mas malalim pa sa 8-12 pulgada. Humukay ng hanggang sa 24 pulgada.




Ibukod ang lupang kinuha sa pang-ibabaw (top soil) sa lupang pang-ilalim (sub soil) at parehong ipasuri.

**6.** Humiwa ng lupa na isang pulgada ang kapal sa isang gilid.





**7.** Hatiin sa tatlong parte ang lupa at alisin ang magkabilang gilid at kuhanin ang gitnang bahagi na isang pulgada ang lapad.



**8.** Ilagay sa isang timba ang nakolektang lupa at kumuha muli sa iba pang bahagi ng bukid na tatamnan.

**9.** Kung ang nakolektang lupa ay higit sa isang kilo, hatiin sa apat na parte ang lupa tulad ng nasa larawan at kunin ang dalawang magkasalungat na dulo.



Ulitin lamang ang proseso ng paghati (quartering) hanggang sa makaipon ng isang kilo.

**10** Kapag sapat na ang nakolektang lupa, punan lamang ng sapat na impormasyon ang dalang papel na pagsusulatan, gaya ng:




- Pangalan ng may-ari ng lupa
- Tirahan
- Lugar kung saan kinuha ang lupa
- Lawak ng bukid (ektarya)
- Halaman ng itatanim
- "Coordinates"
- Halaman at abonong ginamit sa nakaraan na pagtatanim
- Numero ng telepono

**11.** Dalhin sa Regional Soils Laboratory o kaya naman sa Bureau of Soils & Water Management (BSWM) ang lupang ipasusuri.

**MGA PAALALA:**
Iwasang kumuha ng lupa sa mga sumusunod:

- Tabi ng bahay o kalsada
- Kanal at gilid ng pilapil
- Malapit sa dumi ng hayop
- Lupa na naalis o natabunan
- Lupa na kakalagay lang ang abono
- Pinagtatapunan ng basura



*Para sa anumang katanungan:*

*(045) 961-4150*
*ild.rsl@rfo3.da.gov.ph*
Regional Soils Laboratory 3

Department of Agriculture
Regional Field Office III
Integrated Laboratories Division
***Regional Soils Laboratory***
Sto. Niño, City of San Fernando, Pampanga

**Department of Agriculture**
Regional Field Office III
Regional Soils Laboratory

# WASTONG PAMAMARAAN NG PAGKUHA NG LUPANG IPASUSURI (Proper Soil Sampling)

